# Mga Balita | Dateline Philippines



MENSAHE NG AREA PRESIDENCY

## Pagrerepaso sa mga Mithiin ng Area noong 2012

Ni Elder Brent H. Nielson
First Counselor in the Area Presidency

Noong nakaraang taon ipinaalam namin ang mga Mithiin ng Area para sa 2012. Mahalagang sandali iyon para sa ating lahat bilang mga lider sa Simbahan dahil tayo ay nagkaroon ng pananaw at nagkaisa sa sama-samang pagtatatag ng Simbahan sa Pilipinas. Hangang-hanga kami sa naisagawa ninyo sa inyong mga ward at branch. Himalang makita ang mga resulta ng inyong mabubuting pagsisikap. Ngunit nagsisimula pa lang tayo. May mga bundok pang aakyatin at mga ilog na tatawirin sa pagsusulong ng gawain nang may pananalig dito sa Pilipinas.

Gusto naming ibahagi sa inyo ang sama-sama nating naisagawa at inaasam namin ang 2013 at ibinabahagi namin sa inyo ang bago nating mga mithiin. Ang mga ito ay magmumukhang napakapamilyar sa inyo at makikita ninyo na hindi nagbago ang ating tuon, ngunit nagdagdag kami ng ilang bagay na tutulong para magtuon pa tayong mabuti.

Nitong nakaraang taon, ang sentro ng ating mga mithiin ay upang magpakabusog sa mga salita ni Cristo. Nauunawaan natin na ang doktrinang naunawaan nang maayos ay nagpapabago ng ugali. Pag-aaral ng doktrina ang umaakay sa pagbabagong-loob at pag-aaral ng doktrina ang tumutulong sa atin na maging mas mabubuting asawa, magulang at anak.

Sa taong ito libu-libong miyembro ang masigasig na nagpakabusog sa mga salita ni Cristo at nakadama sa kapangyarihan ng Espiritu sa kanilang buhay. Pinalakas sila nito at ang kanilang pamilya.



Habang sumusulong tayo sa 2013 alam namin na napakarami nating gagawin upang maipaunawa ang doktrina sa ating mga miyembro kaya nga namin pinananatiling sentro ng ating mga mithiin ang magpakabusog sa mga salita ni Cristo.

Inaasahan at idinadalangin namin na libu-libo pa sa ating mga miyembro ang dumanas ng naghahayag na pagpapala ng banal na kasulatan at maunawaan na ito ang susi sa pakikinig sa tinig ng Panginoon at pagtanggap ng paghahayag para sa kanilang sarili at sa kanilang pamilya.

Nitong nakaraang taon nahikayat natin ang ating mga miyembro na patatagin ang kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagdaraos ng family home evening, pakikibahagi sa araw-araw na panalangin ng pamilya at pag-aaral ng banal na kasulatan at pagkakaroon ng bawat miyembro ng sariling aklat ng banal na kasulatan. Hiniling din namin sa bawat ward at branch na paramihin ang mga temple recommend holder.

Nasisiyahan kaming ireport na sa taong ito, mahigit 40,000 miyembro ang bumili ng sarili nilang banal na kasulatan.

Noong 2012 nagawa rin nating paramihin ang mga temple recommend holder sa Pilipinas mula 30,519 hanggang 32,722. Iyan ay 2,200 karagdagang mga miyembro na nakatanggap ng kanilang recommend ngayong taon.

Ngayong 2013 masigasig pa rin nating susundin ang mahalagang payong ito na patatagin ang ating pamilya. Idinagdag namin na mapapatatag natin ang ating pamilya kapag bawat pamilya ay mag-aayuno, magbabayad ng handog-ayuno at bawat miyembro ay magbabayad ng buong ikapu. Ang ating pamilya ay magiging mas matatag kapag tinanggap natin ang ipinangakong mga pagpapala mula sa pagbabayad ng ating ikapu at mga handog-ayuno.

Para maitatag ang Simbahan sa Pilipinas, kailangan tayong magkaroon ng tunay na paglago. Maisasagawa ito kapag naparami natin ang aktibong mga Melchizedek Priesthood holder at mga dumadalo sa sacrament meeting.

Sa taong ito dumanas tayo ng mga himala nang puntahan natin at maibalik ang mga di-gaanong aktibo. Naparami natin ang bilang ng aktibong mga Melchizedek Priesthood holder sa Pilipinas mula 22,173 ay naging 24,158.



Iyan ay halos 2,000 karagdagang aktibong mga Melchizedek Priesthood holder.

Lubhang dumami na rin ang dumadalo sa sacrament meeting. Noong isang taon sa buwan ding ito 115,652 miyembro natin ang dumadalo sa sacrament meeting. Ngayon ay 121,446 na sila. Iyan ay halos 6,000 karagdagang mga miyembrong dumadalo sa sacrament meeting.

Noong 2013, mapapansin ninyo na ang mithiing ito ay nagbago nang kaunti. Patuloy nating pararamihin ang mga Melchizedek Priesthood holder at mga dumadalo sa sacrament meeting, ngunit ngayong taon inilipat namin ang pagpaparami sa mga temple recommend holder sa ilalim ng pagtatatag ng Simbahan. Nagawa natin ito dahil sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, lahat ng daan ay patungo sa templo. Gusto nating dumami bilang ng mga miyembro sa sacrament meeting, ngunit ang talagang mithiin natin ay matanggap ang lahat ng ordenansang para sa atin sa templo.

Ang kinabukasan ng Simbahan sa Pilipinas ay nakasalalay sa kung paano natin parehong tinuturuan at pinalalaki ang bagong henerasyon. Pambihira ang ating mga kabataang lalaki at babae dito sa Pilipinas. Nalakbay ko na ang buong bansang ito simula nang dumating ako at nakilala ko ang marami sa kanila. Kahanga-hanga sila. Kailangan nating matiyak na itinuturo natin sa kanila ang tamang direksyon bilang mga magulang at lider. Ginagawa natin iyan kapag tinutulungan natin silang maglingkod sa full-time mission.

Noong 2012 mas marami na tayong kabataang lalaking nag-aplay sa full-time mission kaysa rati sa kasaysayan ng Simbahan sa Pilipinas. Sa pagtatapos ng taong ito, 1,054 kabataang lalaki at babae ang tatanggap ng kanilang tawag na magmisyon. Higit pa ito kaysa rati. Sa ibinalitang pagbabago sa edad ng pagmimisyon, nakikita namin ang magandang kinabukasan sa Pilipinas.

Ang mga kabataang lalaking naglilingkod sa misyon ay isang bagay na kailangan pang pagbutihin dito sa Pilipinas. Ang totoo, kailangan nating doblehin o triplehin ang bilang ng mga naglilingkod sa full-time mission. Wala pang 32,000 ang mga kabataang lalaki natin na maaari nang magmisyon sa Pilipinas.

Nasisiyahan kaming ireport na nakita rin namin na dumami ang dumadalo sa ating mga young single adult (YSA). Noong nakaraang taon, 18,735 YSA ang nagsisimba. Ngayong taon umabot ang bilang na iyan sa 19,449.

Pagsapit ng 2013, kailangan tayong manatiling nakatuon sa pagpapadala ng mga kabataang lalaki sa misyon. Patuloy tayong magtutuon sa pagpapaaktibo at pagpapanatiling aktibo ng ating YSA. Makikita ninyo na nagdagdag kami ng napakahalagang bagong mithiin sa pagsisikap nating iligtas ang ating bagong henerasyon. Kailangan natin silang tulungang mabuklod sa templo. Napakarami sa ating mga returned missionary at YSA ang nagpapaliban sa pagpapakasal kaya hindi napapasakanila ang magagandang pagpapala ng pagkakaroon ng walang-hanggang kabiyak. Kakailanganin dito ang pagbabago sa kultura sa Pilipinas at ang panibagong pagtutuon sa mga turo ng mga propeta at apostol.

Tulad ng ipinakita namin sa broadcast noong nakaraang taon marami tayong di-gaanong aktibong miyembro sa Pilipinas. Tulad ng malinaw na itinuro ni Pangulong Monson, kailangan natin silang sagipin. Noong 2012 nagtulung-tulong tayo bilang mga miyembro, council at missionary na maibalik ang mga di-gaanong aktibo. Labis kaming nasisiyahan sa kasipagan ng lahat ng nagsikap. Gayunman, pansinin na ang mithiin ay magligtas ang bawat miyembro ng isang kaluluwa sa taong ito. Dahil mahigit 121,000 ang aktibong miyembro natin sa Pilipinas, kung lahat tayo ay nagligtas ng isang tao ngayong taon, mayroon na sana tayong 240,000 aktibong miyembro, doble ng bilang natin ngayon. Lahat tayo ay kailangang magbagong-loob sa gawaing ito.

Nagpapasalamat kami sa mga ward at branch council na tumulong sa paghanap at pagpapanatiling aktibo ng 15 tao at masigasig na ibinalik ang marami sa mga pagpapala ng ebanghelyo.

Ito pa rin ang ating mithiin para sa 2013, ngunit mapapansin ninyo ang kaunting pagkakaiba. Hinihiling namin na bawat miyembro ay magligtas ng kahit isang miyembro ngayong taon at kapag nagbalik na ito, ihanda siya sa pagtanggap ng mga ordenansa sa templo. Hihilingin namin sa mga ward at branch council na patuloy na buong sigasig na humanap ng 15 tao at tiyaking isama ang mga full-time missionary sa pagtuturo ng doktrina ng ebanghelyo sa di-gaanong aktibong mga miyembrong ito.

Ito ang bago nating mga Mithiin sa Area para sa 2013. Salamat sa bawat isa sa inyo sa mahalaga ninyong kontribusyon sa gawain ng Panginoon nitong nakaraang taon. Nangyari ang mga himala sa maraming unit [ng Simbahan] sa Pilipinas. Nagpapasalamat kami sa inyong mabubuting pagsisikap. Ngunit masasabi ko na hindi pa natin nagagamit ang lakas at kakayahan ng ating mga miyembro sa pagtulong sa gawaing ito. Ang naisagawa natin ay nagawa ng ilang mabubuting lider. Ngayong taon kailangan nating isali ang lahat ng ating miyembro. Nakikita na natin ang nasa isipan ng Panginoon para sa Pilipinas, ngayon naman ay inaanyayahan namin ang lahat ng aktibong miyembro natin na idagdag ang kanilang lakas.

Hinihiling namin sa bawat ward at branch council na magtulungang muli ngayong taon sa pagtatakda ng inyong sariling mga mithiin at magsimulang kumilos nang sama-sama upang matupad ang mga mithiing iyon. Ngayong taon, humiling ng paghahayag kung paano natin maisasali ang lahat ng ating aktibong miyembro sa pagsasakatuparan ng gawain ng Panginoon.

Mga kapatid, sumusulong tayo na natatanaw ang gawain, at nagkakaisa. Hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

# Mga Mithiin ng Area – Dagdag na Pagtutuon ng Pansin sa 2013

Ni Elder Michael John U. Teh
Philippines Area President

Bilang Area Presidency, nasisiyahan kami sa naisagawa nitong nakaraang taon nang magtuon tayo sa mga mithiin ng area.  Namangha kami sa napakaraming nagawa ng kaunting pagsisikap sa loob ng maikling panahon. Isipin na lang ninyo kung gaano kalaking kabutihan ang magagawa natin kung sama-sama nating itutuloy ang ating nasimulan at daragdagan pa ng kaunti ang ating pagsisikap. Tandaan ninyo, simula pa lang ito at parating pa lang ang PINAKAMAINAM.

Ang ating mga mithiin ngayong taon ay katulad noong nakaraang taon ngunit may dalawang dagdag na prayoridad. Nadarama namin na mahalagang ituloy natin ang pagbibigay-diin sa mga bagay na ito. Ang dalawang dagdag na prayoridad na makakatulong sa atin na mapatatag pa ang mga pamilya at mailigtas ang bagong henerasyon ay:

1. Bawat pamilya ay mag-ayuno at magbayad ng handog-ayuno at bawat miyembro ay magbayad ng buong ikapu.
2. Paramihin ang mga young single adult na nagpapakasal sa templo (nang walang pagpapaliban).

Gusto kong ibahagi ang aking mga kuru-kuro tungkol sa Pag-aayuno, mga Handog-Ayuno, at Pagbabayad ng Buong Ikapu sa artikulong ito.  Inaanyayahan ko rin ang lahat na basahin ang aking artikulo sa Liahona noong Oktubre 2012 kung saan malawakan kong tinalakay ang paanyaya ko sa mga young single adult na huwag ipagpaliban ang pagpapakasal sa templo.



## PAGBABAYAD NG BUONG IKAPU



Karamihan sa atin ay naghihirap.  Kadalasan ay hindi sapat ang kinikita ng pamilya para matugunan ang ating mga pangangailangan. Dahil sa sitwasyong ito, itinuturing ng karamihan na napakahirap sundin ang batas ng ikapu. Makabubuting isipin natin na gayon din ang sitwasyon ng mga-banal noong araw nang ihayag ng Diyos ang tungkol sa ikapu ayon sa nakatala sa bahagi 119 ng Doktrina at mga Tipan. Hayaang isa-isahin ko ang ilang mahahalagang kataga sa paghahayag na iyon:

1. At ito ang magiging pasimula ng pagbibigay ng ikapu ng aking mga tao.
2. Yaong mga hiningan ng ikapu ay magbabayad ng ikasampung bahagi ng lahat ng kanilang tinubo taun-taon;
3. At ito ay mananatiling batas sa kanila magpakailanman, para sa aking banal na pagkasaserdote,
4. Lahat ng yaong natitipon sa lupain ng Sion ay . . . tutuparin ang batas na ito, o sila ay hindi masusumpungang karapat-dapat na mamalagi sa inyo.
5. Kung ang aking mga tao ay hindi susunod sa batas na ito, . . . ito ay hindi magiging lupain ng Sion sa inyo.

Sa isang naunang paghahayag, binalaan din ng Panginoon ang Kanyang mga tao tungkol sa iba pang pagsubok na pagdaraanan nila:

"Masdan, ang panahong ito ay tinawag na ngayon hanggang sa pagparito ng Anak ng Tao, at katotohanan ito ay araw ng paghahain, at araw ng pagbabayad ng ika-sampung bahagi ng aking tao; sapagkat siya na nagbibigay ng ikapu ay hindi masusunog sa kanyang pagparito." (D at T 64:23)

Madalas nating marinig na itinuturo ng ating mga lider na ang ikapu ay binabayaran nang may pananampalataya at hindi ng pera. Iyon ay dahil ang batas ng ikapu ay salungat sa iniisip nating tama.  Hindi ito makatwiran at wala itong kahulugan. Hinding-hindi ito mauunawaan ng talino lamang ng tao. Parang ganito ang ikakatwiran ng mundo: "Kung hindi sapat ang kita ninyo para sa mga pangangailangan ninyo ngayon, paano ito sasapat kung kakaltasan pa ninyo ng 10 porsiyento para ibayad sa ikapu?"

Diyan papasok ang pananampalataya. Kailangan nating piliin kung gusto natin ang 100 porsiyento ng ating kita na walang tulong ng Panginoon o kung tama na sa atin ang 90 porsiyento na may tulong ng Panginoon. Isipin ang sumusunod na mga pangako ng Panginoon:

"Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Malakias 3:10)

Isa ito sa ilang kautusang talagang pinasusubukan sa atin ng Panginoon. "Subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." Pagdudahan ba natin ang Kanyang mga layon? Ano ang ibig sabihin ng walang sapat na silid na kalalagyan para sa lahat ng pagpapalang ibubuhos ng langit?

Sinabi rin Niya: "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang

pangako.” (D{nb}at{nb}T 82:10) Kaya, kapag hindi tayo nagbayad ng ating ikapu, walang obligasyon ang Diyos at bahala na tayo sa sarili natin. Sinasabi natin sa Kanya, “Hindi ko kailangan ang tulong ninyo at okey lang ako.”

Palagay ba ninyo hindi makakakilos ang Diyos kung hindi tayo magbibigay ng pera? Alam na alam natin na makakakilos Siya kahit wala iyon. Kung gayon, bakit Niya tayo pinagbabayad ng ikapu? Ang simpleng sagot ay gustong malaman ng Diyos kung handa tayong unahin Siya sa ating buhay. Gusto Niyang malaman kung mahal natin Siya nang higit kaysa anupaman. Naniniwala rin ako na lagi Niyang sisikaping humanap ng dahilan para pagpalain tayo dahil mahal Niya tayo. Gayunman, para tunay tayong pagpalain ng Panginoon, kailangan tayong magbayad ng ikapu hindi lamang dahil sa umaasa tayong pagpapalain Niya tayo. Kailangan nating gawin iyon dahil mahal natin siya at hangad nating gawin ang kanyang kalooban. Gaya nina Sadrach, Mesach, at Abed-nego, kailangang handa tayong sumunod kahit malagay sa panganib ang buhay natin mismo.

Narito ang ilang mahahalagang bagay na tatandaan sa pagsunod natin sa batas ng ikapu:

1. Walang ipinangako sa mga taong hindi buo ang ibinabayad na ikapu. Buong ikapu nga ba ang ibinabayad mo o hindi.
2. Asamin ang mga pangako dahil tiyak na matutupad ang mga ito.
3. Pahalagahan ang takdang panahon ng Panginoon.
4. Alam ng Panginoon kung ano talaga ang kailangan ninyo.
5. Ang tunay na pagsubok ay kapag nagbayad tayo ng ikapu dahil mahal natin ang Panginoon at hindi lamang dahil gusto natin ang mga pagpapala.

Sa Mateo 22:35-40 mababasa natin ang sumusunod na salaysay:

“At isa sa kanila, na tagapagtanggol ng kautusan, ay tinanong siya ng isang tanong, upang siya’y tuksuhin, [at sinabi],

“Guro, alin baga ang dakilang utos sa kautusan?

“At sinabi [ni Jesus] sa kaniya,



Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

“Ito ang dakila at pangunang utos. At ang pangalawang katulad ay ito, Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili.

“Sa dalawang utos na ito’y nauuwi ang buong kautusan, at ang mga propeta.”

**Tinutulungan tayo ng pagsunod sa batas ng ikapu na sundin ang una at dakilang utos na mahalin ang Panginoon mong Diyos nang iyong buong puso, at buong kaluluwa, at buong pag-iisip.**

Malinaw na ang pagsunod sa batas ng ikapu ay pagpapakita ng ating pagmamahal sa Ama sa Langit. Ipinapakita nito na handa tayong unahin Siya sa ating buhay. Pinatototohanan ko ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa mga raong nagbabayad ng buo at tapat na ikapu.

**ANG DALAWANG DAKILANG UTOS**

| Ibigin ang Diyos | Mahalin ang Kapwa |
| --- | --- |
| Ikapu | Pagaayuno at mga Handog-Ayuno |

**Pag-aayuno at mga Handog-Ayuno**
Paano naman ang pagmamahal sa ating kapwa tulad sa ating sarili?

Isa sa mga pinakamainam na paraan na palagi nating maipapakita ang pagmamahal sa ating kapwa ay sa pag-aayuno bawat buwan at pagbibigay ng malaking handog-ayuno. Pag-isipan ninyo ito sandali. **Ano ang mararamdaman ninyo kung handang hindi kumain at uminom nang dalawang kainan ang isang kapatid at ang pamilya niya para matulungan kayo sa inyong paghihirap?** Lalambot ang puso ko sa pasasalamat sa pagpapakitang iyon ng habag at pagmamahal.

Nagbigay din ang propetang si Isaias ng magagandang ideya tungkol sa marangal na pagtulong na ito na nagpapala hindi lamang sa tumanggap kundi maging sa nagbigay:

“Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang?

“Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?

“Kung magkagayo’y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod.

“Kung magkagayo’y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya’y magsasabi, Narito ako.” (Isaias 58:6-9)

Kailangan nating maging abala hindi lamang sa espirituwal kundi maging sa temporal na pagsagip sa ating mga kapatid. Kunsabagay, nangako tayo talaga na tayo ay “ . . . nahahandang magpasan ng pasanin ng isa’t isa, nang ang mga yaon ay gumaan; Oo, nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, ” (Mosias 18:8-9)

Ipinahiwatig pa nga ni Haring Benjamin na sa paggawa nito ay mananatili sa atin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan:

“ . . . alang-alang sa pananatili ng kapatawaran ng inyong mga kasalanan sa araw-araw, upang kayo ay makalakad nang walang kasalanan sa harapan ng Diyos—nais kong ibahagi ninyo ang inyong

kabuhayan sa mga maralita, bawat tao alinsunod sa kung ano ang mayroon siya, gaya ng pagpapakain sa nagugutom, pagpapanamit sa hubad, pagdalaw sa may karamdaman, at pangangasiwa sa kanilang ikagiginhawa, kapwa espirituwal at temporal, alinsunod sa kanilang mga pangangailangan" (Mosias 4:26)

Mabibigyan din tayo ng pag-aayuno ng kinakailangang espirituwal na lakas at matalas na pakiramdam. Narito ang bahagi ng paglalarawan ni Alma sa apat na anak ni Mosias:

"Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos." (Alma 17:3)

Gusto kong muling bigyang-diin ang sumusunod na mga punto hinggil sa pag-aayuno at pagbabayad ng mga handog-ayuno:

1. Ang pag-aayuno ay hindi kumpleto kung hindi nakapagbigay ng malaking handog-ayuno.
2. Ang pag-aayuno at panalangin ay nagpapaibayo sa espirituwal na lakas.
3. May responsibilidad tayong pangalagaan ang mga dukha at nangangailangan.
4. Ang itinatag na paraan ng Diyos sa pangangalaga ng mga dukha at nangangailangan ay sa pamamagitan ng pag-aayuno at mga handog-ayuno.
5. Dahil ang halaga ay batay sa katumbas na halaga ng dalawang kainan na hindi natin kinakain, makakaya at dapat magbigay ang lahat ng mga handog-ayuno.
6. Ipinagkakait ng Diyos ang mga pagpapala sa mga taong hindi nag-aayuno at nagbibigay ng mga handog-ayuno.

Pinatototohanan ko ang lakas na dumarating sa atin at sa ating pamilya kapag nag-ayuno tayo buwan-buwan at nagbigay ng malaking tulong sa mga dukha at nangangailangan sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga handog-ayuno. ■

# Ano Pa ang Magagawa Natin?

Ni Elder Ian S. Ardern
Second Counselor in the Area Presidency



Napakaganda ng nagdaang taon habang minamasdan namin ang pagsulong ng gawain sa Pilipinas. Gayunman, napansin ko na madaling pasayahin ngunit mahirap bigyang-kasiyahan ang Panginoon kaya kailangan pa nating gumawa at pumantay sa gawaing iyan. Sumulong na tayo nang bahagya ngunit ngayong taon kailangan nating sumulong pa nang mas malayo at kailangan diyan ang pakikibahagi nating lahat.

Ang pagsulong na ito, na kilala sa banal na kasulatan bilang pagtatayo ng Simbahan ay utos ng Diyos dahil sinabihan tayo na "ang Sion ay kinakailangang maragdagan sa kagandahan, at sa kabanalan; ang kanyang mga hangganan ay kinakailangang mapalawak; ang kanyang mga istaka ay kinakailangang mapalakas . . . " (D at T 82:14). Itinuturo sa atin ni Nephi na " . . . ang mga kautusan ng Diyos ay tiyak na matutupad . . . at . . . naglalaan [siya] ng paraan upang . . . maisagawa [ng mga anak ng tao] ang bagay na kanyang iniuutos sa kanila" (1 Nephi 17:3). Hindi tayo uutusan ng Panginoon na gawin ang anumang bagay nang hindi naglalaan ng paraan para maisagawa ito at totoo iyan sa mga mithiin natin sa area.

Para maisagawa ang mga mithiin natin sa area kailangan muna tayong magkaroon ng tunay na hangarin para makamtan ang mga ito. Sabi sa banal na kasulatan, "Samakatwid, kung ikaw ay may mga naising maglingkod sa Diyos ikaw ay tinatawag sa gawain" (D at T 4: 3). Nagpatotoo ang propetang si Alma: "Nalalaman kong ipinagkakaloob [ng Diyos] sa mga tao ang naaayon sa kanilang naisin"(Alma 29:4). Malinaw ang sinasabi sa doktrina. Kung nais natin ang isang bagay na ayon sa kalooban ng Diyos tutulungan niya tayong makamtan ito.

Pangalawa, kailangan nating ihanda ang ating sarili sa espirituwal dahil kapag ginawa natin ito makakapantay tayo sa gawaing ibinigay sa atin ng Panginoon. Ang ating espirituwal na paghahanda ay kabibilangan ng taos na panalangin, taimtim na pag-aayuno, pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo, paglilingkod sa iba, pagsisisi at pagsunod sa mga utos ng Diyos.

Ang pangatlong mahalagang makamtan natin sa mga mithiin ng area ay ang ating pinagsamang pananampalataya kay Jesucristo. Hindi sasapat ang sabihin natin sa Panginoon na, "gusto naming magbayad ang mga miyembro ng ikapu at mga handog-ayuno ngunit maiba po ako, may ilan sa amin sa ward council na hindi ginagawa ito." Walang alinlangang dapat gawin ng mga lider ang ipinagagawa, para makita ng Panginoon ang ating pananampalataya sa ating mga kilos at sa gayon ay mapagpala ang buhay ng lahat ng miyembro na gawin din nila iyon. Ang isa sa pinakamagagandang sermon ni Mormon ay 21 salita lamang ang haba: "Kung kayo ay magkakaroon ng pananampalataya sa akin, magkakaroon kayo ng kapangyarihang gawin kahit na anong bagay na kapaki-pakinabang sa akin" (Moroni 7:33). Ang pagsulong nang malayo ay mangangailangan ng pananampalataya nating lahat; hindi maaaring magkaroon ng eksepsyon. Hindi maaaring magkaroon ng pagdududa sa sinuman sa atin na makamtan natin ang mga mithiing ito sapagkat kapag may pagdududa, walang pananampalataya.

Mangyari pa, ang pananampalatayang walang mga gawa ay patay kaya ang pang-apat na kailangan ay ang ating mabubuting gawa. Kailangan natin ng dalisay na hangaring magtagumpay, ihanda ang ating sarili sa espirituwal, at sumulong nang may pananampalataya kay Cristo at kumilos upang makamtan ang ating mga mithiin.

Napansin ko na rin kung gaano kalaki ang pasasalamat ng Area Presidency sa nagawa hanggang sa puntong ito at alam namin na nakamtan ito sa pamamagitan ng mabubuting gawa ng marami sa inyo. Subalit hindi pa rin iyan sapat; marami pang kailangang gawin kaya ngayong gabi ay nananawagan kami na dagdagan pa ang pananampalataya at pagsisikap ng bawat isa sa atin.

Naisip ko ang talinghaga sa Mateo kabanata 21 kung saan mababasa

natin, "Isang taong may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon at gumawa ka ngayon sa ubasan. At sinagot niya at sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon. At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon (Mateo 21: 28-30). Pinapunta ng Panginoon ang kanyang mga anak na lalaki at babae at pinagtrabaho sa ubasan mula Aparri hanggang Zamboanga at lahat ng iba pa at sinabi ng ilan na "Paroroon ako" ngunit hindi sila pumaroon subalit sinabi ng iba na paroroon sila at pumaroon ngunit napagod sa gawain at hindi nanatiling nakatuon dito. Para silang mga damong kugon na binanggit ni Pangulong Teh noong nakaraang taon. Ngayong taon lahat tayo ay kailangang humayo at manatili sa landasin.

Para matulungan tayong manatili sa landas magbabahagi ako sa inyo ng ilang praktikal na ideya kung paano makakamtan ang mga mithiing natipon ko sa paglalakbay sa buong Pilipinas. Espesyal na pasasalamat ngayong gabi sa mga mission, stake at district presidency sa Iloilo na nagbahagi sa akin ng kanilang mga kuru-kuro. Ang mga mungkahi ay hindi kumpleto ngunit dapat makatulong sa mga lider at magulang na naghahanap ng pagsisimulan. Isa lamang sa mga mithiin ang tatalakayin ko sa ilalim ng mga heading at magbibigay ako ng mga praktikal na halimbawa sa bawat isa.

## PATATAGIN ANG MGA PAMILYA

**Mga ideya para matulungan ang bawat miyembro ng pamilya na magkaroon ng sarili nilang banal na kasulatan at basahin ito araw-araw:**

1. **Magpakita ng personal na halimbawa sa pamamagitan ng araw-araw na pagbabasa at pagninilay-nilay sa inyong mga banal na kasulatan.** Anuman ang ating sitwasyon, laging magkaroon ng panahon para sa mga banal na kasulatan. Magbasa upang maunawaan ang doktrina para maibahagi ninyo ang inyong natutuhan. Lagi akong nasisiyahan na makita ako ng aking mga anak na nagbabasa ng mga banal na kasulatan at pinatototohanan ko na nakagawa ito ng magandang kaibhan sa kanilang saloobin sa mga banal na kasulatan.
2. **Gamitin ang mga banal na kasulatan kapag nagtuturo kayo.** Halimbawa ang tahimik na guro at kapag nakita ng pamilya at ng mga miyembro ng ward at stake ang mga lider na nagtuturo mula sa mga banal na kasulatan lalong bibigyan ng pagpapahalaga ang mga banal na kasulatan. Hinihikayat namin kayo na huwag magturo ng isang sermon kailanman nang hindi sumasangguni sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta. Ipinapangako namin ang ipinangako ng Panginoon na kapag pinag-aralan ninyo ang Kanyang salita , "Ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin" (D{nb}at{nb}T 100:6).
3. **Itakda ang mithiin ng pamilya na basahin ang banal na kasulatan araw-araw.** Noong bata pa ang aming mga anak (nakikita ninyo sa kalendaryo sa screen na 1989 iyon) minarkahan namin sa isang kalendaryo ang bawat araw na nagbasa kami bilang pamilya mula sa Aklat ni Mormon. Bata pa ang aming mga anak at sandali lang silang makinig kaya nakuntento kami sa pagbabasa ng isang pahina sa isang araw at naghalinhinan ang mga bata sa pagbabasa at paglalagay ng sticker sa kalendaryo. Ayaw nilang malagpasan sila ng pagkakataong maglagay ng sticker at hindi naglaon ay naging ugali na nilang basahin ang banal na kasulatan araw-araw.

Ang pangalawa nating Mithiin ng Area ay nakatuon sa pagtatatag ng Simbahan kaya tingnan natin ang dalawang ideyang makakatulong upang magtuon dito.

## ITATAG ANG SIMBAHAN

**Mga ideyang makakatulong para dumami ang dumadalo sa sacrament meeting:**

1. **Magtakda ng mithiin**. Halos walang pag-unlad kapag walang mithiin. Ang mga bishop na naparami ang dumadalo sa kanilang sacrament meeting noong nakaraang taon ay nagsimula sa pagkakaroon ng mithiin. Nakita nila kung nasaan na sila, tinalakay nila ang usapin sa ward council at ipinasiya kung ano ang gusto nilang marating, gumawa sila ng mga plano upang marating iyon at sinukat ang kanilang pag-unlad habang ginagawa iyon. Hinikayat sila na hindi lamang paramihin ang bilang kundi paramihin din ang mga miyembro na dumadalo sa sacrament meeting at panibaguhin ang kanilang mga tipan sa binyag at pasiglahin ang kapwa nila mga Banal. Para sa mga bishop na ito, bawat isa ay may pangalan at hinangad niyang padaluhin sila dahil mahal niya sila. May katalinuhan sa pagsunod sa payo ng propeta.
2. **Magplano ng mga sacrament service na magpapasigla sa mga dumadalo.** Mangyari pa, ang dumadalo sa mga sacrament service ay kailangang espirituwal na ihanda ang kanilang sarili para sa miting. Dagdag pa rito, mabuting kaibhan ang nagagawa ng maingat na pagpaplano ng bishopric. Ang prelude music, pagsisimula ng miting sa oras, paghahanda ng sakramento nang maaga bago magsimula ang miting at paghahandang mabuti ng mga tagapagsalita at mga bilang musikal ang magpapasigla sa sakramento at natural na mas maraming dadalo sa miting.

Ang pangatlo naming pinagtutuunan ng pansin ay ang bagong henerasyon. Mas marami na sa kanila ang nagsisimba at naglilingkod bilang mga missionary kaysa rati ngunit may puwang pa sa ating mga chapel at mission para sa mga kabataang lalaki at babae.

## ILIGTAS ANG BAGONG HENERASYON

**Mga ideyang makakatulong para dumami ang mga kabataang lalaking nagmimisyon:**

Masigasig kami tungkol dito bilang area presidency. Magbibigay ako ng tatlong epektibong ideya.

1. **Humanap ng kapalit kapag na-release.** Bawat stake at mission president ay magre-release ng ilang full-time missionary ngayong taon. Ang pag-release ng isang missionary ay kalahatian lamang ng paglalakbay. Kapag ini-release ninyo ang isang missionary hinihiling namin na agad ninyo silang paghanapin ng kapalit at hindi namin tinutukoy ang isang taong naghahanda na. Madaling abutin ang mga manggang nakabitin sa mababa. Sila ay sanay nang mga returned missionary kaya hilingan silang abutin pa ang nasa bandang itaas ng puno. Hilingin sa kanila na makipagtulungan sa kanilang bishop sa pagtukoy ng isang taong dapat ihanda ngunit hindi

naghahanda at personal silang turuan para matulungan silang maghandang maging full-time missionary. Nagre-release tayo ng mga isang libong Pilipinong missionary taun-taon at kapag tinupad ng bawat ini-release na missionary ang unang tungkuling ibinigay sa kanya ng priesthood magkakaroon tayo ng karagdagang isang libong magmimisyon.

2. **Mga klase sa paghahanda at institute.** Kung bishop o stake president ako titiyakin ko na naka-enrol ang lahat ng prospective missionary sa mga Missionary Preparation class. Kung walang nabuong klase sa aking stake o district (at 136 na klase lang ang idinaraos sa buong Pilipinas ngayon) tatawag ako ng isang returned missionary na mahusay sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* bilang guro at patuturuan ko siya sa seminary and institute coordinator, susuplayan ko siya ng mga manwal sa klase at saka ko siya pagtuturuin. Maaaring gawing bahagi ng aralin ang tawag na maglingkod bilang stake missionary at pagkatapos ay ipabahagi sa klase ang mga karanasan sa gawain. Maaaring idaos ang Missionary Preparation class sa araw ng Linggo kung hindi ito ibibilang na institute class.
3. **Walang taong nabubuhay na mag-isa.** Ang priesthood at pamilya ay magkabalikat sa determinasyon nilang tipunin ang lahat ng kabataang lalaki at babae na pinili ang pagmimisyon. Ang tahanan ang unang Missionary Training Center at ang mga unang guro ay ang mga ina at ama. Sa mga missionary na tinawag noong nakaraang taon 69 na porsiyento ang nagmula sa mga pamilya na miyembro ang ama'at ina at 15 porsiyento ang nagmula sa mga pamilya na isa lang sa mga magulang ang miyembro. Sinasabi sa atin ng mga bilang na ito na mayroon tayong malakas na hukbo ng mga magulang na miyembro na makakatulong para maihanda ang mga young single adult na maglingkod nang marangal sa mission. Ang isang ideyang nakatulong sa aming tahanan ay ang umasa na magmimisyon ang mga anak naming lalaki. Para maipakita ang pag-asang iyan sa bunsong anak namin, pinagawa sa kanya ni Sister Ardern ang sumusunod na larawan at ipinasabit ito sa kanya sa kuwarto na pinakamadalas niyang puntahan kapag gising siya … ang television room. Pagkaraan ng anim na taon napalitan ito ng isang mission call.
Pagkatapos ay idinispley namin ang mga mission call ng mga miyembro ng aming pamilya. Isang ideya lamang ito mula sa isang ina na nakagawa ng kaibhan at marami pang iba. Hinihikayat namin kayo na kumilos ayon sa paniniwala ninyo at makakatulong ito lalo na sa inyong mga anak na lalaki na magmisyon tulad ng inoobliga ng kanilang mga lider ng priesthood na gawin nila.

## SAGIPIN ANG NAWAWALA

**Ang pang-apat sa pinagtutuunan ng pansin ng mga mithiin ng area ay ang pagsagip.**

Nagkaroon na tayo ng tatlong hakbang sa pagsagip. Ang pinakamalakas na hakbang ay ang sa mga missionary ngunit ang nararapat sanang pinakamalakas na hakbang ay ang mga aktibong miyembro. Kung kumuha lang tayo ng mga aktibong kabataan at nasa hustong gulang at bawat isa ay nagpabalik ng kahit isang tao lang naparami sana natin nang mahigit 80,000 ang dumadalo sa sacrament meeting ngunit sayang, hindi natin ginawa iyon.

Narito ang tatlong simpleng ideya:

1. **Hindi natin dapat ipabahala sa ibang tao ang pagsagip:** Kapag nakita ng isang lifeguard ang isang tao na nalulunod hindi niya sinasabi na napakalamig ng tubig, ayaw kong mabasa, gusto kong magbilad sa araw sa oras na ito, baka may pating doon o hindi ko talaga alam kung gusto niyang magpasagip. Hindi man madali o nakakatakot man ang sumagip, humahayo ang lifeguard para sumagip. Kailangang sagipin ng bawat isa sa atin ang mga miyembrong naanod sa malalim at maalong tubig. Hindi kailangan ang isang mahiwagang plano, hindi kailangang bumuo ng komite at ni hindi kailangang magmiting para sa personal na pagsagip. Kailangan lang magpasiya ang bawat isa sa atin kung sino ang kailangang sagipin at makipagtulungan sa Panginoon at isagawa ang pagsagip.
2. **Gamitin ang ward council:** Nagamit nang husto ng ilang ward ang kanilang mga ward council at natukoy kung sino ang mga taong sasagipin nila. Ang mga ward na gumagamit ng New and Returning member report para masundan ang mga hakbang na nasa report ay mas nagtatagumpay sa pagsagip. Mas nakakasagip ang mga lifeguard kapag may rescue board sila para tulungan sila at mas makakasagip kayo kapag ginamit ninyo ang kasangkapan sa pagsagip na inilaan ng Panginoon sa inyo. Sa madaling salita, bawat ward ay kailangang trabahuhin ang mga pangalan ng mga tao dahil sabi nga ni President Torres kamakailan, "Hindi ko mai-interbyu ang mga bilang."
3. **Pinahusay na pakikipag-ugnayan sa mga missionary:** Inaasam naming magkaroon ng malaking karagdagan sa dami ng mga missionary na naglilingkod sa Pilipinas kaya asahan ninyong makakakita kayo ng mga missionary na nakadestino sa mas maraming ward at branch. Hindi dahil sa mas marami ay mas matagumpay tayo maliban kung planuhin nating gamitin ito nang may katalinuhan. Ang matalinong paggamit sa mga missionary ay kabibilangan ng pinaghusay na pakikipag-ugnayan sa kanila sa pagsisikap na sumagip. Ang pagtawag sa isang returned missionary na maglingkod bilang ward mission leader, pagtuturo sa kanya ng kanyang mga responsibilidad at pag-uutos sa kanya na gampanan ang kanyang tungkulin ay magpaparami sa bilang ng sasagipin at pananatilihing aktibo.

Ngayong gabi narebyu namin ang ilang simpleng ideyang makakatulong para makamit ang mga mithiin ng area. Darating ang pinakamagagandang ideya kapag umupo kayo sa council at nagtanong kayo, "Ano pa ang magagawa natin?" At saka tayo kumilos ayon sa mga desisyon ng council at mga panghihikayat ng Espiritu Santo. Wala tayong mapapala sa pag-iisip nang mag-isa; kailangan nating tumayo at kumilos at nangangako ako na malalaking gantimpala ang darating.

Muli, nagpapasalamat ako sa mga bagay na nagawa. May katwiran tayong masiyahan sa mga resulta ngunit kasisimula pa lamang ng paglalakbay at sabi nga ni President Teh, "parating pa lang ang pinakamainam."

Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

# 2013 Philippines Area Goals



## Strengthen Families

- Every family has daily prayer, scripture study, and weekly family home evening.
- Each member has his/her own scriptures and reads them.
- Each family fasts and pays fast offerings and each member is a full tithe payer.



## Establish the Church

- Increase the number of active Melchizedek Priesthood Holders from ______ to ______
- Increase Sacrament Meeting attendance from ______ to ______
- Increase the number of temple recommend holders from ______ to ______

**FEAST upon the WORDS of CHRIST, for behold, the words of Christ will tell you all things what ye should do.**

**2 Nephi 32:3**




## Save the Rising Generation

- Increase the number of Young Men serving missions this year from ____ to ____
- Increase YSA attendance from ________ to ________
- Increase the number of Young Single Adults marrying in the temple.



## Rescue the One

- Each member rescues at least one member this year and prepares them to attend the temple.
- Every ward council prepares and maintains 15 names for activation by members for the missionaries to teach.